

PROLOGUE

Deep blue shirt slightly unbuttoned? Check. Gray slacks? Check. Cologne? Check. Killer smile? Sexy as ever.

“You’re the man,” kampanteng bati ni Jairus Espiritu sa sariling reflection sa salamin. And with that, tumalikod siya at sumisipol na tuluyang umalis sa restroom.

Hindi tiyak ni Jairus kung totoo talagang sa bawat henerasyon ng mayayamang pamilya ay may ipinapanganak na itinadhanang maging playboy, ngunit sa pamilya Espiritu ay siya na yata iyon. Wala sa kanyang posisyon bilang financial consultant sa investment firm ng kanyang ama ang interes niya. Nasa mga babae.

Kasalanan ba niya kung ipinanganak siyang saksakan ng guwapo? Gaya nang matagal na niyang pagkakatanggap na hindi niya mapapantayan ang talino at galing ng kanyang mga nakakatandang kapatid, matagal na ring tinanggap ni Jairus na isa siya sa mapapalad na nilalang sa mundo na biniyayaan ng Diyos ng kagandahang lalaki. At dahil nga edukado, mayaman at magandang lalaki,

natural lamang na ganoon ding klase ng babae ang nakakarelasyon niya. Tulad nina Tessa at Belle, ang dalawang babae sa buhay niya.

At idagdag pa roon si Nancy Suarez, ang ka-date niya ngayong gabi.

Nadatnan niya si Nancy na naghihintay sa kanya sa ipinareserba nilang mesa malapit sa garden side ng restaurant. Kung kailangan ng binatang i-rate ang babae, bibigyan niya ito ng eight over ten. Minus two points dahil masyadong maputla ang dalaga at may maitim itong anino sa ilalim ng mga mata na animo ilang gabi na ring hindi nakakatulog nang tama.

“Sorry to make you wait,” bati ni Jairus.

Si Nancy naman ay tila noon lang siya napansin. “O-okay lang, Jairus.”

Naupo siya. “O, dumating na pala ang in-order natin,” bigkas niya, looking with approval sa nakahandang pagkain sa mesa. Kinuha niya ang kanyang tinidor at muling nginitian ang babae. “*Bon appetit.*”

Nakailang subo na siya ng *fettucine ai Quattro formaggi* nang mahalatang hindi man lang ginalaw ng babae ang pagkain nito. Tahimik lamang ito at bakas na bakas ang pagkabalisa sa mukha.

“Is there something wrong?” hindi naiwasang tanong ni Jairus. This was definitely not a good way to start off the evening. Ayaw ba ng dalaga ng pagkain doon? Eh, ito mismo ang nagrekomenda na roon sila mag-dinner date. Alangan namang naaasiwa ito sa hitsura niya? Siniguro niya ang kanyang ayos kani-kanina lang sa salamin.

Bahagyang umiling si Nancy. “Kasi... That is... I-it’s been three months mula nang huli tayong nagkita.” Parang may sasabihin pa ang dalaga, ngunit biglang nagbago isip. “...W-wala lang.”

Tumawa si Jairus. “Tell me about it. Akala ko nga nakalimutan mo na ‘ko,” he said with a pout, kunwaring nagtatampo, pero ngingiti ulit. Iniangat niya ang baso na may lamang kaunting alak. Uminom siya mula roon. “Nang inimbita mo ‘kong mag-dinner dito, inisip ko na ‘wag na lang sumipot,” buntong-hininga niyang patuloy. Tinitigan niyang maigi ang kaharap, still smiling while swirling the contents of his wine glass playfully. “Pero hindi kita matiis. You look lovely tonight, Nance. Absolutely stunning.”

Praktisado ang mga linyang iyon. Pulido. Kung tinanggap niya ang minsang alok na mag-artista ay marahil nakapanalo na si Jairus ng kung ilang acting awards sa pagsambit lamang ng mga katagang iyon.

Na nagpahulog ng loob— at ng kung ilan pang saplot sa katawan—ng maraming babae.

Ngunit ngayong gabi, parang hindi tinablan si Nancy roon. Pilit itong ngumiti, pero hindi ito magtagumpay. Sa halip ay yumukod na lang ang dalaga at matamang pinagmasdan ang sarili nitong plato.

Jairus eyed her, mystified. “What’s wrong?”

Huminga nang malalim si Nancy. “Jay...”

“Hmm?” pasensyosong anang ng binata.

Tumingin sa kanya ang dalaga. Tila saglit na nag-atubili pa ito, ngunit sa wakas ay nagpasyang magsalita. “Jay, buntis ako.”

Sa sobrang pagkabigla, hindi namalayang nabitawan ni Jairus ang wine glass na hawak-hawak niya. Lumikha iyon ng ingay.

May sasabihin sana siya, nang mula sa likuran niya ay lumutang na malamig na boses ng isang babae. “So where are your ‘college buddies’, Jay?” tanong nito.

Lumingon si Jairus. Hindi niya maiwasang mamilog ang may pagka-tsinitong mata sa nakita. Napatayo siya.

Bakit nga naman hindi, gayong si Tessa ang nakita niyang naroon. Malamig ang titig nito sa kanya, mukhang galit na galit.

Napanganga man, nagawa pa rin ni Jairus sambitin ang pangalan nito. “Tessa...”

Mula sa likuran ng nagingingitngit na dalaga, isa pang babae ang lumantad. Si Belle.

Standing side by side, tila malapit na magkamag-anak ang dalawa, kung sa halos magkaparehas na mdidilim na ekspresyon sa mga mukha nito ang pagbabatayan.

“‘Business meeting’ pala, ha, *honey*?” sarkastikong tanong ni Belle sa kanya. “At derecho ka pauwi by ten p.m.?”

“Belle!”

1

A few days later...

“In fairness,” puna ng best friend niya kuno na si Migs Lucero, nang dumaaan ito sa opisina niya para personal na iabot ang mga papeles na kailangang pirmihan ni Jairus bago pa man siya makapag-indefinite leave sa *Meridian Investments*, “bagay pala sa ‘yo ang blackeye, bro. Mag-ingat ka lang kung may business trip ka sa China o sa mga zoo. Baka mapagkamalan kang panda at ikulong d’on.”

Nakuha man niya ang patutsada ng kababata, hindi natawa si Jairus. “Migs, iaabot mo na ba ‘yang mga papeles na ipinapapirma mo o kailangan pang magkasakitan tayo?”

“Hindi ka na mabiro.” Inilapag ni Migs ang mga dokumento, ngunit hindi lubos maitago ang amusement nang halbutin niya kaagad ang mga ito. “So, how bad was it?”

Sandaling tumigil si Jairus sa paglagda, itinaas ang kamay at gamit ang kanyang hintuturo ay nag-anyong ginigilit ang sariling leeg.

Sumipol si Migs. “Gan’on kasama?” sambit nito.

“Well, kasalanan mo rin naman, kung tutuusin. Bakit mo ba kasi naisipang pagsabayin sina Tessa at Belle, eh magpinsan ‘yon?”

“*Malayong* mag-pinsan,” diin ni Jairus. “At hindi ko sila pinagsabay. Nauna si Belle. Si Tessa naman, n’ung nasa Paris ako last year para magbakasyon. Typical fling. Malay ko bang susundan niya ‘ko rito sa Pilipinas?”

Tumango sa hangin ang kaibigan. “Malas mo lang, kung gayon. Eh, si Nancy naman?”

“To tell you the truth, Miggy Boy...” huminga siya nang malalim. “Si Nancy ang pinoproblema ko ngayon.”

“Ha?” kunot-noong balik nito. “Bakit?”

Ibinaba ni Jairus ang kanyang fountain pen. “Buntis siya,” pagtatapat niya na malamlam na tinunghayan ang naipong papel sa ibabaw ng desk.

Natigilan si Migs. “At ikaw ang—?”

“I’m not sure.”

Migs stared at him. “Klaruhin mo nga. How can you be not sure? I mean, it’s *Nancy* we’re talking about, she’s not exactly the type of person who sleeps around—”

“Unlike me,” Jairus filled in for him glumly. “It was after last year’s Halloween party. The one we had at Nico’s place, remember?” Nang tumangong muli si Migs ay nagpatuloy siya. “Lasing na lasing kami n’on. But yeah, baka nga may nangyari sa ’min.”

Hindi man niya maalala ang mga nangyari nang gabing iyon, kapwa silang nagising na tila kinukuyog ng mga elepante ang utak at walang saplot sa katawan.

Sumipol muli si Migs. “Touch luck, pare.” Tinitigan siyang muli nito. “Alam na ba ng papa mo?”

“Hindi pa,” agad niyang tugon. “Pero malapit na niyang malaman. Sasabihin daw sa ama ni Nancy ang lahat sa kanya pagbalik niya mula sa States.”

Nanlaki ang mga mata ni Migs. “Nancy’s dad—”

“Knows everything. Siya ang unang nakatuklas sa kondisyon ni Nancy. He confronted her, made her confess. Hayun, pinipilit ng matandang erpats na ‘yon na magpakasal kami to preserve her daughter’s honor. He already plans to discuss the wedding with my father A.S.A.P.”

“And how soon is A.S.A.P.?”

“Next Tuesday.”

“Tangina,” bulalas ni Migs.

“Tangina talaga,” sang-ayon niya. “Kaya nga nakipag-dinner date sa akin si Nance ay para warning-an ako kahit papaano. To make myself scarce before my dad comes home this very week.”

“Pasalamat ka sa kanya kung gan’on,” sambit ng kaibigan. “So, ano’ng balak mo ngayon?”

“Ewan.” Bago pa man mapraning ay binalikan na ni Jairus ang mga inaasikasong papeles. “I need to think. Kaya nga mag-a-out-of-town muna ako. Basta makalayo sa Maynila.”

“Saan naman?”

“Kailangan mo pa bang alamin ‘yon?” balik-tanong niya with a shrug. “the fewer who knows, the better.”

“Kailangan kong malaman,” patay-malisyang tugon ni Migs. “Ikaw ang boss namin. Ano na lang ang sasabihin ko sa mga kliyente natin kung balak mong maglaho na parang bula? Sa erpats mo?” dagdag nito na tila kinuyob ng kilabot at the very prospect. “Nakakatakot pa naman ‘yon.”

“Ah, iyon ba?” Napangiti si Jairus, sabay tango sa direksyon ng kanyang laptop. “I’ve just confirmed na

dadalo ako sa luncheon ng associates natin sa Taipei the day after tomorrow. Mr. Lo owes me a favor. Madali ko siyang napapayag na iparating sa kung sinumang magtatanong na pumunta nga ako sa firm niya and from there, kumuha ng flight patungong New York. That ought to buy me some time.”

“Okay, ah,” sagot ni Migs na hindi napipigilang mapasaludo sa sinambit ng kaibigan. “Mukhang napagplanuhan mo nang maayos ang disappearing act mo.”

“Ako pa,” mayabang na balik ni Jairus. “Anyways, I’ll contact you guys after a week or so. Just to make sure that everything’s running smoothly.”

“And from there?”

Huminga siya nang malalim. “From there?” Bahagyang napailing siya. “Tingnan natin.”

His friend looked at him sympathetically. “Good luck, pare. You’ll need it.”

Pasado tanghali na nang makarating si Jairus sa bayan ng Natividad, Batangas—walang ibang bitbit kundi isang may-kalumaang *Jansport* backpack na pinuno mostly ng mga damit at iba pang bare

necessities. Cash lamang ang laman ng wallet niya. Walang IDs, cellphones, or credit cards. Hindi na rin siya nagkotse.

Bukod sa magdadalawang taon na rin mula nang huli siyang mapadayo roon, kung dadalhin pa niya ang kanyang putting *Chevrolet* ay baka mahalata ng kanyang ama na hindi talaga siya nag-abroad kundi naroroon lamang sa probinsya. Para saan pa ang pakikipagkuntsaba niya kay Mr. Lo kung ganoon ang mangyayari?

Hindi sa paranoid siya, ngunit si Emilio Suarez, ang tatay ni Nancy ay maimpluwensyang tao sa loob at labas ng bansa. Kailangang maging maingat si Jairus sa mga gagawin niyang hakbang.

Maingat na tao si Jairus. He seldom made mistakes, pero kapag nangyayari iyon, nagtatanda talaga siya. He would regroup, think things over. He believed that by doing so, more often than not, the solution would present itself eventually.

Kaya nga heto ako ngayon, panapos ng binata habang tinitingala ang nangungupas na berdeng tarangkahan ng bahay ni Mang Ambo.

Ah, si Mang Ambo. Kung may surrogate father si Jairus na maituturing, ang lalaki na iyon. Maaaring

tiyuhin na rin, kung paniniwalaan niya ang sabi-sabing ito ay anak sa labas ng kanyang lolo at isang labanderang nagnangalang Isay.

Sa tuwing napapagalitan siya ng ama noong bata pa siya at hindi pa bihasang ikubli ang kanyang mga kalokohan, si Mang Ambo ang kanyang sandigan at takbuhan sa lahat ng problema. Pinakikingan siya nito kung kailangan, hinahayaang manahimik kapag natutunugang nais niyang mapag-isa.

Pinagmasdan ng binata ang lupaing kinatatayuan ng bahay ng matanda. May kalumaan man ay maganda pa rin iyon. Kung panlabas na anyo ang titingnan ay tila wala iyong halos ipinagbago. The façade was exactly as he remembered it, mula sa mga bintanang gawa sa capiz at turn-of-the-century Spanish colonial nitong arkitektura hanggang sa parol na gawa sa kabibe na nakasabit sa veranda nito.

Kulang na lamang ay dumungaw sa bintana si Mang Ambo at salubungin siya, sabay tanong ng “*Ano na naman bang kalokohan ang kinasangkutan mo, bata ka?*” sa garagal nitong boses.

Ngunit walang sino mang lumabas.

Nag-“Tao po!” si Jairus nang ilang beses, ngunit walang sumagot. Either wala roon si Mang Ambo o

nasa likod-bahay ito, sa maliit na taniman ng mangga na pinagkakaabalahan ng matanda noong huling mapadayo siya roon.

Of course. Wala naman siyang ibinigay na abiso o pasabi na parating siya. Wala rin naman itong cellphone.

Better let myself inside then, pagpapasya ni Jairus. And with that, tuluyan niyang binuksan ang bahagyang nakaawang na gate papasok sa bakuran. At dahil tinangay ng hangin at nahulog sa de-ladrilyong lupa, hindi napansin ng binata ang ‘We Accept Bedspacers’ na karatula sa di kalayuan.

Lahat ng babaeng Santiago na ipinanganak na may nunal sa ilalim ng kaliwang mata ay tumatandang dalaga. Kung may sumpa na maituturing ang kanilang angkan, iyon na marahil iyon. Tanungin man kahit sino sa kasalukuyang henerasyon ng kanilang lahi, madali silang makapagbibigay ng mga pangalan bilang ehemplo: si Nanay Basya, si Lola Mayang, si Tita Mimay. At siyempre, si Elaine.

Graduate ng Fine Arts sa *UP Diliman*, major in Industrial Design, nag-resign si Elaine matapos ang dalawang taon ng pagdidisenyo ng instant

noodle cups sa isang multi-national company upang mapanatili ang katinuan ng pag-iisip.

Ngayon ay nabubuhay siya bilang self-titled ‘freelance graphic’. Madalang ang kita, pero kerilang. Masaya siya sa kanyang ginagawa. Nagpa-part-time din naman siya kaya kahit papaano nakakaraos siya sa bayarin buwan-buwan. Iyon in a nutshell, si Maria Elaine Santiago.

Kung hitsura rin lang ang pag-uusapan, kahawig daw niya si Nanay Basya noong kabataan nito. Iyon nga lang, mas pabilog ang korte ng kanyang mga mata na minana niya sa panig ng kanyang inang may lahing Espanol. Maputi at makinis ang kanyang balat, maamo ang mukha at kung tumawa siya ay lumilitaw ang bilog sa kanang pisngi niya. At gaya ni Nanay Basya—ng losyang na Nanay Basya—hindi rin palaayos sa sarili si Elaine Santiago.

Balewala kung idagdag pang mula kapanganakan, ni minsan ay hindi siya nagka-boyfriend. Never. *As in.*

Hindi naman sa ni minsan ay hindi siya nagkaroon ng pagtingin sa iba o hindi niya sinubukang makipag-date. For some reason or another, mula kindergarten hanggang pagtanda, lahat ng kanyang potential boyfriend, M.U., Mr. Right o soulmate ay pawang nanatiling ganoon lang: *potential*. Napanis na

potensyal.

Hindi na mabilang ni Elaine kung ilang mga kaibigan, kaklase, kakilala at katrabaho niyang lalaki ang nanligaw sa kanya, pero hindi naman niya matipuhan.

Sawi ba sa pag-ibig o salat sa pag-ibig? Para sa dalaga, wala namang kaibahan iyon. Ang bottom line ay tigang na tigang siya. Lahat na yata ng mga babaeng kamag-anak niya sa panig ng ama, kaedad man o mas bata pa kay Elaine—at take note, *walang* nunal sa ilalim ng kaliwang mata—lumagay na sa tahimik.

Ultimong ang pinsang buo niyang Aicelle, na beinte uno anos pa lamang! Balak pa nga raw siyang gawing ninang ng isisilang nitong sanggol. Kung sakali, iyon na ang ika-sampung inaanak niya. Two months from now naman, magba-bridesmaid siya for the eighth time sa isa pa niyang pinsan.

Lecheng tadhana ito, himutok niya sa isip.

Napakurap siya nang marinig ang message alert tone ng kanyang cellphone na nakapatong malapit sa kinaroroonan niya. Inabot niya iyon at binasa.

Mula sa kaibigan niyang si Fides ang mensahe. Nagtatanong ito ng direksyon patungo sa bahay na

bago pa lang niyang tinutuluyan. May dala umano ang mga itong pancit bilao at strawberry leche flan.

Happy thirtieth birthday, Maria Elaine Santiago.

Napaungol siya at saka bumalikwas. Tiningala niya ang kalangitang nakasiwang mula sa kumpol ng mga dahon ng mangga na siyang sinisilungan niya. Nakatihaya siya sa bubong ng bahay. Matapos mag-reply sa message ni Fides, tuluyang bumangon siya, sabay tingin sa sketch ng mga dahon ng mangga at asul na langit na kanina pa niya sinusubukang tapusin at napasimangot.

With an indrawn sigh, pinilas ni Elaine ang pahinang iyon ng sketchbook. Dahan-dahang nilukot niya ang papel saka itinapon kung saan. Medyo naiinis na siya sa sarili. Hindi lang dahil treinta anyos na siya ngayon at NBSB pa rin, kundi dahil mag-iisang buwan na siyang walang maiguhit na matino. Akala pa naman niya, makakakuha siya ng inspirasyon sa lumang bahay na hindi man kalayuan sa puso ng siyudad ay totoong tahimik at napakaganda.

Naghahanap siya ng bahay na matutuluyan, preferably malapit sa dagat, ngunit isang tingin pa lamang sa bahay ni Mang Ambo ay natiyak na niyang doon siya dapat manatili. Napatigil siya sa lumang bahay na anyong mula pa sa panahon ng Kastila at

doon nakilala ni Elaine ang may-aring si Mang Ambo. Madali itong kausap. Naisipan din daw ng matanda na iparenta, hindi lamang para kumita kundi dahil kailangan din nitong umuwi pansamantala sa Romblon kung saan naninirahan ang ilang kaanak. Mahal na Araw pa makakabalik, ngunit maaari ring matagalan kung sakali. Kay Elaine na nito ipaubaya kung nais niyang magkaroon ng ibang kasuno sa bahay.

Needless to say, inilipat ni Elaine ang kanyang mga kagamitan sa sumunod na lingo. Ang ‘*We Accept Bedspacers*’ na karatulang ginawa ni Mang Ambo ay iniwan niyang nakapaskil sa tarangkahan. Hindi naman siya ermitanyang hindi marunong makisalamuha sa ibang tao, thirty-year-old virgin na may artist’s block lang.

Gathering her things up, sinabit niya ang kanyang binti sa isang sanga ng puno. Pababa na siya sana nang may marinig na mga yabag papalapit sa kinaroroonan niya. Kasunod ang tunog ng papel na tila inaayos mula sa pagkakalukot.

Nigel? Kumunot ang noo ng dalaga. Fides?

“Ayos ah,” puna ng kung sino man iyon. Hindi si Fides. Boses ng lalaki, ngunit hindi si Nigel. Mas mababa ang timbre nito. Malamig. “Ang ganda ng

view.”

Lumingon sa ibaba si Elaine. Isang lalaki nga. Mukhang binata. Mukha ring mabango. Hawak-hawak nito sa kamay ang papel na pinag-drawing-an niya ng mangga at langit. Pero hindi iyon ang napansin ng dalaga. May kung ano sa tono ng pananalita ng lalaki na bahagyang nagpatayo ng kanyang balahibo. Na para bang hindi ang pinulot na larawan ang tinutukoy nitong ‘view’ kundi...

Nanlaki ang mga mata ng dalaga.

Karaniwan, sa tuwing trip niyang mag-drawing o nagpinta sa labas, nagsusuot siya ng lumang raincoat, goggles at kahit anumang lumang basahan para hindi gaanong mamantsahan ng pintura ang damit niya sa ilalim. Ngunit ngayong araw na iyon, dahil feel niya at wala namang ibang tao na napapadaan doon, naisipan niyang mag-suot ng pinakamaluwang niyang cotton t-shirt at lumang cut-offs na hindi lubos maitago ang mga hita niya.

Napalunok siya. Nakatingala sa kanya ang estranghero at base sa ngisi nitong parang asong ulol, malamang nakikita nito ang kanyang... Ang kanyang...

“Bastos!” sigaw ni Elaine na agad ikinumpol sa

kanyang baywang ang dulo ng t-shirt na suot.

Ang lalaki ay hindi man lamang natinag. Bagkus, tila lalo pang lumapad ang ngisi nito, na animo sadyang nang-aasar. "Miss, kung ayaw mong masilipan, dapat naisipan mong mag-tuck-in muna bago ka umakyat diyan. Wala ka naman gaanong maipagmamalaki," walang kakurap-kurap na dagdag pa nito, bago pinadulas ang paningin sa kanyang mga binti. "Pero botong-boto ako sa legs mo. Makinis. Nine out of ten. Minus one point kasi nabahiran ng kalawang."

Namula ang paningin ni Elaine, pati na rin ang mukha dahil sa pinaghalong hiya at galit. "A-ano'ng sina—"

Hindi niya natapos ng sasabihin nang mabali ang isang sangang tinatapakan niya at nadulas siya. Nahulog siya; hindi man lang nakasigaw.

Sumunod niyang namalayan, dalawang malalakas na bisig ang sumalo sa kanya. Isang mukhang tila hinubog ng mga anghel ang nakatingin sa kanya, gamit ang mga matang kasing-itim ng gabi. Para siyang malulunod habang tinititigan ang mga iyon. O sadyang nahihilo siya dahil sa biglaang pagkahulog niya sa puno.

Ibinuka ng mala-Adonis na nilalang ang bibig nito at sinabing, “Akala mo ba magaan ka?”

Sapat iyon upang makawala si Elaine sa kung anumang spell na lumukob sa kanya at mapansing isa sa mga kamay ng lalaki ay nakahawak sa mga hita niya. Nagpumiglas ang dalaga. “Ibaba mo’ko!”

“Iyon lang pala.” Binitawan siya nito.

Bumagsak sa mabuhanging lupa si Elaine nang walang pasubali. Nabitawan tuloy niya ang lapis na isinama niya sa kanyang pagkahulog. “Ano’ng—”

“Sabi mo ibaba kita,” kaswal na sagot ng estranghero.

Nagngingngit na bumangon kaagad siya. “Ibaba, hindi ihulog!” bulyaw niya.

“Pareho din ‘yon,” katwiran ng lalaki. “Kaysa naman mangawit ako.”

“I-ikaw! Isa kang... Isa kang...!” Hindi makaisip si Elaine ng bansag na aangkok sa kayabangan ng kaharap, kaya inirapan na lang niya ito.

Ang lalaki ay abalang pinag-aaralan ang mukha niya. “Sayang,” anito. “Maganda ka sana, kaya lang...”

Nagtaas ng kilay si Elaine. *Kaya lang...?*

“Kaya lang, wala akong interes sa mga *manang*,” sambit nito. “Hindi ba matanda ka na para magsuot ng short shorts, Ate? At,” walang pakundangang dagdag nito, “.... *Mickey Mouse* printed bra?”

Kung may sound effects na katuwang ang pagkapatid ng pisi ng pasensya ni Elaine, marahil umalingawngaw na iyon mula sa pier ng Batangas hanggang Puerto Princesa. Dangan lamang ay wala naman talagang sound effects kaya hindi lubos nabalaan ang lalaking kaharap niya sa sumunod na mga pangyayari.

Mabilis pa sa alas-kuwatro, tinuhod ito ni Elaine sa itlog.

2

“Ano ba’ng pumasok sa mga kukote ninyong dalawa at gusto n’yo pang manatili rito ‘yung impaktong ‘yon?’” tanong ni Elaine s dawalang best friend niya matapos maghapunan.

Si ‘Papa Pogi’ ay kanina pa pumanhik sa guest room na pinakamalayo sa silid niya. Tulog na siguro ito ngayon.

Nang dumating na sina Nigel at Fides ay nadatnan ng mga ito ang bastos na lalaking iyon na nakalupasay sa lupa at namimilipit sa sakit. Bilang ‘dispensa’, pinilit siya ng mga kaibigan na hayaang magmerienda ang binata sa bahay. At nang malamang wala itong matutuluyan ay nabanggit na rin ng mga ito na tumatanggap ng boarders ang bahay niya. Ang sarap mang sapakin ang pagmumukha ng mukha-pang-pleased-with-himself-na-gago, hindi na nakahindi si Elaine.

“Ang sagwa namang tinuhod mo na nga siya sa itlog ‘tapos palalayasin mo nang gan’un-gan’on na lang? Grabe ka naman kasi, Elaine!” pa-censure ni Nigel, nakahalukipkip ang braso at tila feel na feel ang dinanas ng estranghero mula sa tuhod niya. “Okay

lang siguro kung sinampal mo lang ang pobreng pogi. Pero hindi. Kinailangang sa *tanging yaman* mo pa siya tirahin. Ang sakit kaya n'on, hija!"

Nagmatigas siya. "Dapat lang sa kanya 'yon. At 'yung pancit bilao, halos mag-isa na nga niyang inubos. Ano pa bang dispensa ang kailangang ibigay ko?"

Balak pa sanang mag-disagree ng baklita, pero kagyat itong pinangunahan ni Fides. "Kunsabagay, sinilipan nga raw siya n'ung tao," paalaala nito.

Suminghot si Nigel. "Well guwapo naman ang kanyang *fes*. Mala-Adonis! Kung siya rin lang, wiling na wiling akong ipakita ang *lahat*---ouch!" hirit nitong naputol nang pitikin ito ni Elaine sa sentido.

"May Luigi ka na, ano ka ba!" paalala niya. "So okay lang pala sa iyo ang maniac basta gwapo?"

"Aba'y oo," walang kakurap-kurap na sagot ng bakla. "Dapat ma-flatter ka nga at nasilaw ang pobre sa ganda ng legs mo. At sinalo ka pa!"

"Ibinagsak din niya ako, ano," bulway ni Elaine." At... at tinatawag ba naman akong 'manang' . Manang!"

"Eh, di ba, mismong mga pinsan at pamangkin

mo nga, iyon na ang tawag sa'yo?"

"Ano!"

"N-never mind," sambit ni Fides na dinilatan si Nigel para tumahimik bago pa lalong lumala ang pagpi-PMS ng birthday celebrant. *Patago lang nilang tawag 'yon, ano ka ba*, walang-imik na ipinarating nito sa bakla. "Anyway, heto na lang, sabihin na lang natin na kaya namin pina-stay rito si Papa Pogi ay para ma-proclaim mo, truthfully, na may saksakan ng guwapong lalaki na nagpalipas ng gabi sa bahay mo!"

"Gaga!" sikmat niya.

"Hindi mo talaga mapapatawad ang pobreng iyon, ano?" ani Nigel.

"Talagang hindi."

Nag-melodramatic sigh ang bakla. "Hay, Maria Elaine Santiago." Ginawaran siya ng malisyosong ngiti ng kaibigan. "I think you've got the hots for him." Ang de-contacts na mata nito ay nagkailap, animo nangangarap nang gising. "Napukaw ni Papa Pogi ang pagkababae mo. Ginising ang mahigit-kumulang dalawang dekadang binurong libog sa katawan mo. Hallelujah, the baby is now a lady—"

Tinakpan ni Elaine ang sariling mukha. "Nigel

naman....”

Akmang may dagdag pa sa deliryosong litany ng bakla ngunit—to Elaine’s great relief—tiyempong tumunog ang telepono.

Sinagot iyon ni Fides. “Ang Tita Clara mo, nasa kabilang linya,” tawag nito mayamaya sa kanya.

“I said *no!*” mariing deklara ni Nigel. “Never. Absolutely. Final answer.” And as if to stand by his decision, nagdekuwatro pa ito at pinaypayan ang sarili na parang donya.

Tila malalagasan ng sandamakmak na buhok sa ulo si Elaine; ganoon siya ka-frustrated. “Para magpapanggap ka lang na boyfriend ko nang isang araw, hindi mo pa kaya?” singhal niya.

Ang phone call na natanggap niya mula sa kanyang Tita Clara ay upang batiin siya ng happy birthday at para ipaalala na rin na magkakaroon ng grand pamanhikan-cum-family reunion sa makalawa, sa ancestral house nilang mga Santiago sa Tanauan. *Mandatory* na dumalo si Elaine. Puwede rin daw siyang magsama ng date, kung mayroon. Pagkatapos natigilan ang tiya niya, marahil naalala kung sino ang kausap, nagbuntung-hininga at tila may touch

of pity sa boses na idinagdag na kahit *friend* lang ay puwede niyang isama.

Nag-init ang ulo niya at bago pa makagat ang dila para pigilin ang pagdausdos ng salita mula sa mga labi ay buong pagmamalaking inanunsyo niya kay Tita Clara na, as a matter of fact, *may boyfriend na siya*.

Para na ring naghukay ng sariling libingan ni Elaine sa sinabing iyon. Nang magpaalam sa wakas ang tiyahin, inilahad niya ang gusot na napasukan sa dalawang pinakamatalik niyang kaibigan sa mundong ibabaw.

Si Fides ay napaiyak... sa katatawa. At hindi pa man nasosolusyunan ang problema niya, sinundo na ito ng asawa kaya nagpaalam na sa kanila. Si Nigel naman...

“Pauwi na ‘ko sa talyer ni Luigi Baby ko mamaya, remember?” paalala ng bakla, talagang nagmamatigas. “And just to remind you, lubos ko nang tinalikuran ang mga araw na pagpapanggap noong nag-out ako in college. Nag-solemn vow pa nga ako. Leche ka, muntikan na nga akong maospital nang magladlad ako ng kapa kay Tatang, pero kinaya ko! Ngayon gusto mong bawiin ko ‘yon malinlang mo lang ‘yang mga kamag-anak mo?”

“Oo.”

“Pasalamat ka’t friend kita, kung hindi, nasabunutan na kita.”

“Kung magpasabunot ako sa’yo, papayag ka nang maging dyowa ko for a day?” hamon niya.

“Hindi nga sabi,” Nigel sighed in exasperation. “At alam mo namang hindi ko na kayang ma-suppress ang pagkabading ko for more than five minutes, otherwise duduguin ako. Gusto mo bang masaksihan ang maaga kong pagkasawi from major blood loss?”

“OA ka na ha.” Inirapan niya ito.

Naghalukipkip ang bakla. “Besides, bakit ka magse-settle sa akin when you can get the real deal?”

“Ha?”

“Si Papa Pogi po ang tinutukoy ko,” sambit ni Nigel. “Sa tingin ko naman, papayag siya. If you ask him *nicely*. ‘Yung taliwas sa palagi mong raket na tingin pa lang, para kang naghahamon ng away. I mean, malay mo, bored na siya. Biglang mag-‘yes’ sa kabaliwan mo.”

“Day, dadaan na lang ako sa naglalagablab na apoy kesa humingi ng tulong sa ‘Papa Pogi’ mo,” sambit niya.

Guwapo nga si ‘Papa Pogi’... to the point na nakakabuwisit na itong pagmasdan. At kahit kailangan sigurong ilublob muna siya sa kumukulong tubig para aminin iyon sa kaibigan, ang binata ang na-visualize niya habang iniimbento ang katauhan ng boyfriend niya sa tiyahin. He was perfect for the role, so to speak...

If only it weren’t so apparent na antipatiko ito.

“Minsan masarap ding dumaan sa apoy, Elaine,” Nigel commented with a teasing smile. “Lalo na kung ang kasama mo sa pagtawid ay kamukha ni Papa Pogi.”

“Never!” malakas na tugon ni Elaine.

“At any rate, I just want to make it clear that I hate your guts.”

“Sure.”

“At kaya ko lang ginagawa ito—”

“—ay para hindi ka magmukhang kawawang soltera sa harap ng buong pamilya mo,” salo ni Jairus, thoroughly enjoying himself, lalo na nang inirapan siyang muli ni Miss Maria Ellaine ‘Killer Legs’ Santiago.

Makailang beses na siyang sinisimangutan nito. Pero for some weird reason ay hindi pa siya nagsasawa sa pang-aalaska rito. Pikon kasi ito. At cute ang expression ng mukha lalo na kapag galit.

Napakurap si Jairus. *Napasobra yata ang kain ko ng paella kagabi*, naisip ng binata. ‘Cute’ and ‘Miss Killer Legs’ should never belong in one sentence.

Hanggang ngayon ay hindi pa niya lubos maisip kung bakit nga ba niya tinanggap ang alok ng dalaga at ng bading na kaibigan nito.

Obviously, hindi iyon dahil sa bugnuting babaeng kasalukuyang nasa likod ng manibela. Tanging magaganda, mayayaman, matatalino at sexy na mga babae lamang ang dini-date ni Jairus, as a general rule. Although Miss Maria Elaine ‘Killer Legs’ Santiago is beautiful and sexy, disqualified pa rin ito, lalo na kung ang fashion sense nito ang pag-uusapan. Family gathering nga raw ang pupuntahan, isang kahabag-habag na berdeng bulaklaking blusa at itim na saying nakalaylay hanggang talampakan ang suot nito—damit na babagay lamang sa lola niya. Ang buhok nito, halatang haphazard ang pagkakasuklay. Wala pa ni bakas ng pulbos sa mukha.

Bakit nga ba siya pumayag sa weird arrangement na ito? Dahil wala siyang ibang magawa sa buhay?

Dahil trip lang niya? Dahil may soft spot sa *paella valenciana* na pinakain nito sa kanya kagabi? Well, oo sa huli, pero bukod doon ay may isa pang dahilan. Iyon ay para mawala sa isip niya si Nancy at ang pagbubuntis nito.

Hindi pa rin siya makapaniwala. Iyon ang kauna-unahang pagkakataong nabalitaan niya na nakabuntis siya ng babae. Siya na yata ang pinakamaingat sa lipi ng mga praktisadong playboy ng Pilipinas. Ngunit ang gabing nagsama sila ni Nancy ay isang exception. Apparently, sobra ang pagkalasing niya noong panahong iyon para mag-condom. Ni kahit katiting na alaala man lang ay wala siyang mahagilap, iyon pa.

Kaya niyang panagutan ang anak nilang dalawa kung kinakailangan. Pero ang ipakasal siya rito? No-no-no! Bukod sa malayo pa ang paglagay sa *gulo* sa mga balak niya sa buhay, if and when na mangyari nga iyon ay kailangang mahal niya ang babaeng makakatali niya habambuhay.

Ang totoong problema, hindi niya mahal si Nancy. Nagkakuwentuhan lang sila sa isang Halloween party. Lasing sila pareho at kinaumagahan ay nagising na lamang siya sa kamang hindi kanya na hubad at katabi si Nancy. Napagkasunduan nilang isang malaking pagkakamali ang nangyari. Naghiwalay sila

ng landas at ang buong akala ni Jairus ay iyon na ang katapusan ng kanyang mga alalahanin sa bagay na iyon. Pero pagkalipas ng ilang linggo ay inimbitahan siya nitong mag-dinner-date para ipaalam sa kanya na buntis ito.

Hay naku, Manong Ambo, bakit pa ba naisip ninyong lumuwas sa kung saan kung kailan kailangan ko ng payo ninyo? Higit pa roon, bakit itong tipo ng babae pa ang ginawa ninyong katiwala? Kung hindi nakakabit ang seatbelt niya, kanina pa siya napauklo sa sakit ng ulo niya. Buwisit.

“Kung kaharap natin ang pamilya ko, ‘Elaine’ ang itatawag mo sa akin,” malamig na paalala ni ‘Miss Killer Legs’ habang patuloy sa pagmamaneho. ‘Kung tayo lang, okay na ang ‘Miss Santiago’. Kung gusto mo talagang mabaog, ulitin mo lang ‘yung katagang in-insert mo,” tukoy niyo sa tinawag niya ritong ‘Manang’.

Ang totoo niyan, hindi naman talaga ito mukhang old maid. Nagulat pa nga si Jairus nang madiskubreng treinta na pala ito. Mukha itong nasa early twenties lang. Kaya lang niya ito tinawag sa ganoong taguri ay para tukuyin ang porma nito, at upang inisin na rin ito.

“Ikaw naman, hindi ka na mabiro,” tugon niya.

“Ganyan ka ba talaga ka-sociable o espesyal lang talaga ang pagtrato mo sa ‘kin?”

“Malapit na tayo. Humanda ka na,” anunsyo nito imbis na sagutin siya.

“Tapos ano? Ipapakilala mo ‘ko sa parents mo?”

“Patay na pareho ang mga magulang ko.”

Natigilan si Jairus. “Oh. Sorry.”

“Okay lang. Hindi mo rin naman alam.”

“Sorry na rin.” Umubo ang binata. “Ano ba’ng nangyari?”

“Plane crash sa China. Matagal na,” sagot ni Elaine. “Ba’t mo natanong?”

Bakit nga ba? “Di ba kailangan kong magpanggap na boyfriend mo? Paano ko magagawa ‘yon kung hindi kita gaanong kilala?”

“Siguro nga,” sang-ayon nito. “As you know, thirtieth birthday ko n’ung isang araw. Freelance graphic artist ako, nothing fancy. Trip ko lang mag-drawing at magpinta. Ikaw ba?”

“Ako?”

“Ano nga ba’ng pangalan mo?”

Ngumiti si Jairus. “Hindi ba sinabi ko na? ‘Prince Charming.’” Iyon ang sinabi niya noong tanungin siya ng kaibigan nitong bakla nang una silang magkakilala.

Actually, hindi niya rin alam kung bakit hindi niya ibinigay ang totoong pangalan. Siguro dahil alam niyang makakatulong iyon para hindi siya mahagilap ng ama ni Nancy.

Nang suminghot ang kausap, tumawa siya. “Ikaw na lang ang mabigay ng pangalan sa ‘kin. Sabihin mo we just met and then—Boom! Love at first sight.”

“So okay lang sa ‘yo kahit tawagin kitang ‘Procopio’?” tanong ni Elaine.

“Huwag naman gan’on kapangit. Ikaw rin, magre-reflect ‘yon sa image mo.”

“Sa bagay...” Nag-isip ang dalaga. “Eh, paano kung ‘Wallace’?”

“Ano naman ‘yun?”

“Yung official name mo. May reklamo ka ba?”

“Wala naman. Para lang kasing hinugot mula sa romance novel, hindi sa totoong tao.”

“Kung ayaw mong ‘Wallace’ ang itawag ko sa ‘yo, ibigay mo na lang ang totoong pangalan mo.”

“Hindi, ‘wag na lang,” kaagad na tugon ni Jairus at dahil hindi matiis, may pang-aasar pang idinagdag. “Baka ang image ko naman ang masira.”

Gayon na lang ang sorpresa niya nang biglang itinigil ng dalaga ang sasakyan. Nag-park sila sa tapat ng isang supermarket at dental clinic sa pangunahing kalye ng Tanauan.

“Baba,” simpleng sambit ni Elaine, sabay unlock sa mga pinto ng kotse.

Napanganga si Jairus. “Ha?”

Imbis na sumagot, kuniha ng dalaga ang pitaka at bumunot ng tatlong daang piso. Iniabot nito ang pera sa kanya. “Sapat na ‘tong pagkain saka pamasaha pabalik ng Natividad. Umuwi ka na.”

“What!”

“Nagbago ang isip ko. I mean *this*,” Elaine held out her hands, “Let’s face it, isang malaking kabaliwan itong gagawin ko.”

“Dinala mo na ‘ko rito ‘tapos saka mo iisipin ‘yan?”

Inirapan siya ng dalaga. “Bakit? Bawal ba? Kung ‘yung ‘compensation’ mo ang inaalala mo, hindi ko ipababalik ‘yun sa ‘yo. Ipagluluto pa kita ulit ng paella

kung gusto mo. Basta, umuwi ka na.”

“Pero bakit nga sabi?” naiirita nang tanong ni Jairus.

“Wala. Napag-isip-isip ko lang na mas mabuting mag-isa na lang akong pumunta sa reunion namin kesa ipakilala ang isang *jerk* na katulad mo as my boyfriend. So, baba na.”

It might be the heat, it might be the pressure... it might be the superior, self-satisfied look na iginawad sa kanya ng kaharap, but at that point ay may nagawa si Jairus Espiritu na hindi pa niya nagagawa sa tatlumpu’t dalawang taon niyang pamamalagi sa mundong ibabaw—napikon siya sa isang babae.

At hindi man sinasadya, kusang bumuka ang bibig niya at inilabas ang mga pangit na salita. “Bakit? Kung magsalita ka akala mo kung sino kang mala-diyosang nilalang. Sino ba sa ‘tin ang kinakailangang umupa ng kasintahan kahit treinta anyos na? Sino nga ba? Ah, alam ko na! Hindi ba’t ik—”

Umalingawngaw sa loob ng kotse ang malutong na sampal ng dalaga sa kanyang pisngi.

Jairus stared at her in shock. And then he kissed her.

“Papaalis na sana kami noon, but then who should I see na naka-park sa tapat ng *Citimart*, looking all lovey-dovey?” kuwento ng kanyang Tita Clara.

Tama, malamlam na isip ni Elaine, habang tahimik na ngingunguya ang *camaron rebosado* na espesyal na handa para sa araw na iyon. *Paano nga ba kami nakarating dito?*

“Sino nga ba, Auntie?” tanong ng isa niyang pinsan.

“Si Elaine at ang nobyo niya!”

Ang natatandaan lang ni Elaine, balak niya sanang ipabalik si Impaktong Adonis at tumuloy na lamang sa reunion na dateless at mag-isa, but one thing led to another at nagkasagutan sila. Sa sobrang galit ay nasampal niya ito and then... the next thing she knew, hinahalikan na siya ng kumag.

“Pero sa totoo lang, akala ko hindi ka na sisipot!” animated na patuloy ni Tita Clara. “Buti na lang at dumating nga kayo ng kasintahan mo.” Humagikgik ito. “Salamat sa iyo, may pang-salon na ako bukas!”

Pinagpustahan n’yo ‘ko, gano’n ba? tahimik na retort niya rito. Bad enough na ang unang halik

niya ay napunta sa lalaking iyon. Pero ang mas masaklap ay ang coincidence na makita sila mismo ng naturang tiyahin habang papalabas ng supermarket na pinagparkehan ni Elaine.

Pambihira.

Binati sila ng matanda at tinanong kay Elaine kung ang poging lalaking ka-PDA (Public Display of Affection) niya ay ang boyfriend na nabanggit niya sa telepono. Sa lagay na iyon, ano pa ba ang maisasagot niya?

Sinamahan silang dalawa ng tiyahin papunta sa bahay nito sa Ilustre at mula noon at tila isang extended na panaginip ang mga pangyayari. Nakipagkumustahan siya sa mga tiyuhin, tiyahin, pamangkin at pinsan. During all these, ‘Wallace’ palyed his role perfectly. Na para bang natural lang rito na magpanggap bilang kasintahan niya.

Sa kanan ni Tita Clara, napatikhim ang nakababatang kapatid nitong si Tita Mercedes. “Katuwaan lang naman ‘yon, hija,” paliwanag nito. “Hindi sa hindi ka namin pinaniniwalaan, but you must admit na medyo nakakabiglang malaman na may kasintahan ka na pala. Paano nga ba ulit kayo nagkakilala?”

Ngumiti si Elaine, iyong tipong kitang-kita ang buong set ng ngipin niya. “Sa... simbahan po,” tugon niya, sabay sulyap sa ‘nobyong’ na kasalukuyang katabi, may hawak-hawak na platong puno ng pagkain. Praktisado na niya ang kasinungalingan na iyon. Well-rehearsed. “Nilapitan po ako ni... Wallace habang nagsisindi ako ng kandila.”

Tumango si Impaktong Adonis. “Isang tingin ko pa lang po kay Elaine, nabighani na po ako sa kagandahan niya. Muntik pa ho akong *mapatihulog* sa lupa, sa tindi ng effect niya sa akin.” Buong-giliw na nilingon pa siya ng hitad. “Hindi ba?”

“Ah, eh, o-oo...” *At ano’ng ipinararating mo, taryagis ka?*

“Tingnan mo nga naman, ano,” natutuwang sambit ng asawa ni Tiya Mercedes na si Roberto. “Daig pa ‘yung nangyari sa ‘min ni Mercy,” anito, saka bumaling sa kabiyak. “Saan nga ba tayo unang nagkita, ‘Heart’?”

“Naku, noong unang EDSA Revolution pa. Akala ko tsinatsansingan niya ako kaya tinuhod ko siya sa itlog... Elaine, is anything wrong?”

“A-ah wala po, Tita,” tugon ng dalaga. From under the table, sinipa niya ang binti ni Impaktong

Adonis, who had sported an all-too-familiar smirk upon hearing this tidbit at halatang aliw na aliw sa itinatakbo ng usapan.

Tila hindi man lamang nito ininda ang tadyak. Sa halip ay masuyo pa siyang tiningnan nito. “Sigurado ka bang okay ka lang, Elaine?”

Ninakaw mo ang first kiss ko, lintik ka. At may apog ka pang umasta na parang wala lang ang nangyari. “Oo naman. Medyo pagod lang ako sa biyahe,” sa halip ay sinabi niya.

‘Wallace’ chuckled. “Sinabi ko naman kasing ako na ang mag-drive.”

“Kotse ko pa rin ‘yon.”

“Kotse mo nga.”

At that point, sumabat si Tita Clara. “Napadako na rin tayo sa... kotse. Hija, may I advise you na huwag mong ugaliin ‘yung, uh, ginawa n’yo kanina?” Napatikhim ulit ito at bahagyang namula. Namula rin si Elaine. “That is, ‘wag naman sa ganoon ka-public na lugar. Kung puwede.”

Tumango si Tiya Mercedes. “Si ‘Nay Bebang, muntikan na raw atakihin sa puso nang makita ‘yung torrid n’yong kissing scene kanina,” tukoy nito sa

kasambahay na kasamang namili ng tiyahin ng mga kinulang na ingredients para sa handaan.

Ginawaran ito ng nakasisilaw na ngiti ni ‘Wallace’.
“We’ll keep that in mind, Tita.”

Nilabanan ni Elaine ang matinding hangaring takpan ang sariling mukha na kasalukuyang nangangamatis na sa sobrang kahihyan.

Malalim-lalim na ang gabi nang hayaan silang makauwi ni Tita Clara. Pinagbaon pa sila ng sandamakmak na pagkain bago hinayaang makaalis.

Pagod man at medyo sumakit ang ulo, nagmatigas si Elaine na siya pa rin ang magmamaneho pauwi sa Natividad. Kaysa naman ipaubaya niya ang manibela kay Impaktong Adonis na ipinagtagay ng kanyang Tito Robert at iba pang lalaking Santiago ng bagong-bukas at pinakaiingat-ingatang bote ng *Chivas Regal*.

“Well, that wasn’t so bad, was it?” Nakaupo ang lalaking pinangalanan niyang ‘Wallace’ sa passenger seat, sa exact spot kung saan, hours before, bigla na lamang siyang hinalikan bilang sagot sa sampal niya.

Si Elaine, nanahimik na lang. Imbis na sayangin ang laway sa pakikipag-witty repartee kay Impaktong

Adonis, minabuti na lang niyang mag-concentrate sa pagmamaneho.

Tila hindi alintana ni ‘Wallace’ ang silent treatment niya. “I must say nasorpresa ako nang nakilala ko ang mga relatives mo,” anito. “Biro mo, mababait na, may sense of humor pa! Hindi katulad ng ibang tao diyan...” Nagtaas ng kilay ang babaeng pinariringgan. “Nakalusot na nga na may boyfriend daw siya, hindi man lamang marunong mag-thank-you,” walang prenong banat pa ng binata. “At ngayong pauwi na nga kami’t lahat, ayaw pa ‘kong kausapin.”

At bakit naman ako magte-thank you sa ‘yo, aber? Kaysa tahasang isagot iyon ay hinigpitan na lamang ni Elaine ang pagkakahawak sa manibela. Dapat nga, ikaw ang mag-sorry. Ninakaw mo ang first kiss ko, lintik ka.

“Pero umamin ka nga, Elaine. First kiss mo ‘yon, ano?”

Muling napatid na pisi ng pasensya ng dalaga. “Eh, ano naman kung oo?” hindi niya napigilang ibulyaw.

Walanghiya ka. Kung alam ko lang na sa isang gago iyon mapupunta, sana sinunggaban ko na ang pagkakataong makipag-lips-to-lips sa crush ko noong

high school... kahit na suspension pa ang kapalit. Kahit na it turned out na bading pala siya. Lihim siyang napahikbi. Ang first kiss ko. Ang first kiss ko...

Tumawa an g tinaguriang ‘Wallace’. “Ayan, eh di, nagsalita ka na rin sa wakas.”

Tangina mo. “Bakit mo ba ginawa ‘yon?”

“Ang alin?”

Saglit na napalunok si Elaine. “Ang h-halikan ako, taryagis ka.”

He appeared to think it over. “Dunno,” pagdaka ay sambit nito. “Wala lang.”

Nagpanting ang kanyang tainga. *Wala lang?*

Tumawa ito muli. “Ano’ng akala mo, na bigla na lang nahulog ang loob ko sa ‘yo? Matapos mo pa ‘kong sampalin?” mapang-uyan pang patuloy nito. “It was just a lark— rather, a reflex.” Bumaling ito sa kanya. “Bakit, na-addict ka na ba? Sorry, Miss, pero gaya ng nabanggit ko noong una tayong nagkita, hindi ako pumapatol sa mga man—”

“Tapusin mo ‘yang sinasabi mo. Sige lang,” may bantang aniya.

“Oo na, sorry na po.” Tumikhim si Impaktong

Adonis. “Ang hirap kasi sa ‘yo, hija, palagi ka na lang seryoso. Ang dali mo tuloy mapikon.”

“Ang hirap naman sa ‘yo, hijo, wala kang siniseryoso. Ang dali mo tuloy *mang-pikon*.”

Hindi na lubos maaninag ni Elaine kung anong numero ng dilaw na highway marker ang kanilang nalagpasan sa daan. Bakit ba kasi bigla na lamang napundi ang headlights ng kotse niya? Pero hindi na bale.

“So, ano, friends na ulit tayo?” natutuwang tanong ng lalaki.

‘*Friends?*’ ‘*Magkaaway*’ ang sabihin mo. Sumimangot siya. “Hanggang kailan mo ba balak mag-board sa bahay?”

“Depende. Hanggang gusto ko. Pero pag pinagpanggap mo ulit akong nobyo mo, may bayad na talaga ‘yon.’”

“Mangarap ka pa d’yan,” balik niya. “At kung hindi mo ‘ko....’ Tumikhim siya, “...g-ginan’on... hindi sana ‘ko mapipilitang ituloy ang planong ‘yon, ano?’”

Muling natawa ang lalaki. “*Touche*. But you have to admit, maganda rin naman ang kinalabasan, di ba?”

“Ewan ko sa ‘yo.”

“Ewan daw.” Tinapik nito ang balikat niya.
“Elaine—”

Alarmed, umiwas siya rito. “Wag mo nga akong mahawak-hawakan!” Sa likuran nila, biglang may nag-overtake na itim na *BMW*. Mabilis ang takbo niyon. Parang pag-aari nito ang highway.

Loko ‘to ah, naisip ng dalaga. Paliko pa ang daan. Bahagyang nag-decelerate si Elaine para hayaang makabalik sa tamang linya ang sasakyan. *Muntikan na ‘yon*.

Sa loob ng sariling kotse, napabuntong-hininga sila pareho, relieved.

“Para binabalaan lang kitang nagpapatiuna ‘yung nasa likod natin,” sambit ni Impaktong Adonis.

“Dapat sinabi mo kaagad,” iritableng tugon niya, na sandaling nilingon ang lalaking kausap.”Ayan tuloy, muntik na tayong—”

Napakabilis ng mga sumunod na pangyayari. Bago pa man matapos ni Elaine ang sasabihin, bigla na lang silang may narinig na malakas na busina. Huli na nang mapansin ng dalawa ang humaharurot na bus na kasalubong ng *BMW* sa kabilang linya.

My So-Called Boyfriend - Monica Bautista

Biglang kumanan ang itim na sasakyan. Tinangkang lumihis kaya nakasalpukan ang bus. Ngunit sa halip ay rumaragasang napabalandra sa daan, ilang metro mula sa kotseng sinasakyan nila.

Bumusina ang bus. Nakabibingi.

Nataranta. Kaagad tinapakan ni Elaine ang preno. Ngunit huli na.